

Gabay sa Negosyo: Curbside Pick-Up



Simula Lunes, Mayo 18, karamihan ng mga negosyong retail ay maaari muling patakbuhan gamit ang kanilang storefront o curbside pickup (pagkuha ng mga biling sa harap o sa bangketa ng tindahan o store). Ang polyetong ito ay isang pinaikling bersyon ng mga pangunahing rekisito (requirements), pinakamahuhusay na pagsasanay at karagdagang rekurso kung may mga tanong ang inyong negosyo.

Para matutunan ang buong gabay at nang siguraduhin na ligtas at alinsunod sa patakaran ang pagpapatakbo ng inyong negosyo, **mangyaring bisitahin lamang ang: sf.gov/curbside. Sama-sama nating muling buksan ng ligtas ang ating Lungsod.**

Mga Pangunahing Rekisito

- **Hindi maaaring pumasok ang mga kustomer sa loob ng inyong store.** Maaari lamang kayong magbigay ng serbisyo sa storefront, curbside o sa labas ng inyong negosyo.
- Kailangan magkaroon ng **direktang pag-access** sa bangketa (sidewalk), kalye, eskinita (alley), o lugar sa paradahan ng inyong store, para mapayagan ang inyong mga kustomer na kuhanin ang kanilang mga biling habang hindi nahaharangan ang ibang naglalakad o nagdudulot ng karagdagang trapiko.
- **Hindi dapat hihigit sa 10 empleyado** ang napapaloob sa site ninyo kada oras, pero maaari ninyong mas higpitan ang limitasyon sa loob ng inyong negosyo. Nakadepende ito sa sukat ng inyong pasilidad na siyang magpapahintulot sa mga empleyado na panatilihin ang anim na talampakang pagdistansya mula sa isa't isa.
- **Limitahan ang bilang ng mga kustomer na naghihintay sa pilahan** para sa pag-pickup para mapanatili ang anim na talampakang distansya at nang pahintulutan ang iba na makadaan.
- Gumamit ang tape para markahan ang ligtas na distansya sa pilahan sa labas ng inyong negosyo. Magpaskil ng karatula para payuhan ang mga kustomer tungkol sa maximum na kapasidad ng linya.
- **Hugasan o i-sanitize dapat ng mga empleyado ang kanilang mga kamay** bago at pagkatapos magabot ng mga item sa kustomer. Dalasan ang masinop na pagsa-sanitize ng mga lugar na madalas gamitin ng mga empleyado (shared work areas).
- **Dapat palaging nakasuot ang mga empleyado ng panakip-mukha**, at kailangan din magsuot ng panakip-mukha ang mga kustomer habang nakikipag-ugnayan sa mga empleyado at habang nasa pilahan.
- **Paghandaan, ipahayag at ipatupad ang parehong Protokol sa Social Distancing at Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.** Makakakuha ng mga template at karagdagang impormasyon sa **sf.gov/curbside**.



Pinakamahusay na Kasanayan

- **Ikilian ang haba ng oras** kung saan napapalapit sa isa't isa ang mga kustomer at empleyado, at siguraduhin ito gamit ang mga paraan na katulad ng: paglilista sa mga inihahandog na bilihin/serbisyo sa internet, maagang pagtanggap ng mga order, rekomendasyon na magbayad gamit ang internet o telepono, pagtanggap ng pagbabayad na nangangailangan ng pirma, at paglalagay ng harangan sa pagitan ng mga kustomer at kahero (cashier).
- **Konsiderahin ang pagbibigay ng takdang panahon** para makapagtakda ang mga kustomer ng iskedyl sa pagsundo ng kanilang mga bilihin, para mapaginhawa ang daloy ng mga kustomer.
- **Konsiderahin ang paglalagay ng isang mesa sa labas** ng inyong negosyo kung saan maaaring ilagay ang mga pre-order item na susunduin ng mga kustomer, sa halip ng diretsong pag-abot ito.
- Pagisipan kung papaano **ligtas na hahawakan at lilinisin ng inyong negosyo ang mga ibinalik na mga item**, kung pinahintulutan ito ng inyong negosyo.
- Lumikha ng isang sistema na **magpapahintulot sa inyong kustomer na tawagan o kontakin kayo kapag sila ay papunta na para sunduin ang mga bilihin**, para mabigyan kayo ng sapat na oras na ayusin ang kanilang order bago sila dumating.
- Para sa mga pag-pickup sa lugar ng paradahan, **payagan ang mga kustomer na mag-text o tumawag sa inyo kapag sila ay nakarating na**. Kung maaari, kumpletuhin ang pagbabayad nang hindi pinapalabas ng kotse ang mga kustomer. Kuhanin ang deskripsyon ng kanilang sasakyan ng, at sa kanilang pagdating, ilagay ang mga item sa loob ng kanilang trunk. Kung ilalagay ang mga item sa likuran na upuan (back seat), dapat nakasuot kayo at ng kustomer ninyo ng panakip-mukha.
- Konsiderahin ang paghingi ng **libreng pansamantalang sona sa paradahan** (temporary loading zone) para sa curbside pickup (makakakuha ng form sa [sf.gov/curbside](https://www.sfgov.org/curbside)).

May Karagdagang Tanong ba Kayo?

Bisitahin ang [sf.gov/curbside](https://www.sfgov.org/curbside) para sa pinaka kumpleto at napapanahong impormasyon para siguraduhin na alinsunod ang inyong negosyo sa lahat ng mga regulasyon sa kalusugan.

Kung naghahanap kayo ng patnubay o rekurso para sa mga maliliit na negosyo, puntahan ang [oewd.org/COVID19](https://www.oewd.org/COVID19) o lapitan ang Small Business Hotline sa sfosb@sfgov.org o **311**.

